# Isang Modelong Ama

*A Lord's Flock General Assembly Topic*

Ni: Rev. Fr. Angelo Paolo Asper

Hunyo 17, 2023

Ang pagiging ama ay isang regalo, isang misyon at isang paglalakbay. Sabi nga nila kahit sinong lalaki ay maaaring maging ama ngunit kailangan ng isang espesyal na tao para maging isang "tunay na ama." Tinatawag natin siyang "haligi ng tahanan." Ang pangunahin niyang responsibilidad ay ang pagbibigay ng pangangailangan ng kanyang pamilya. Bukod dito, kailangan niyang alagaan ang pananampalataya, palalimin ang takot sa Diyos, protektahan/alagaan ang kanyang pamilya, gabayan/disiplinahin ang kanyang mga anak. Kaya naman, ang isang huwarang ama ay may ilang mga katangian na nakasaad sa Bibliya na isa ring pagtukoy sa Diyos na ating ama.

**A. Ilang katangian ng isang Ama:**

**1**. Mahal ng ama ang kanyang pamilya nang hindi ito ipinapakita; **2.** Ipinakilala sa atin ng ama ang mundo; **3.** Isang ama ang nagbibigay sa atin ng ikanabubuhay at tinitiyak niya na alam natin ang halaga ng pagkagutom; **4.** Isang ama ang kumakatawan sa responsibilidad; **5.** Tinuturuan tayo ng isang ama na bumangon mula sa pagkabagsak at matuto sa ating mga karanasan; **6.** Ang ama ay sumasalamin sa katotohanan; **7.** Ang pagmamahal ng isang ama ay nakikilala kapag ang kanyang anak ay naging isang ama na rin.

**B. Ang Diyos bilang ating Ama**

Ang ating paniniwala sa Diyos ay ipinapahayag na:

**1. Ang Diyos bilang Ama ay ating Manlilikha (Isa. 64:7)** Tayo ay gawa ng Kanyang kamay.

**2. Ang Diyos bilang Ama ay ating Tagapagkaloob (Lk. 11:11-13)** Gustung-gusto ng Diyos na pakainin tayo at Siya mismo ang ating pagkain sa pamamagitan ng Eukaristiya

3. **Ang Diyos bilang Ama ay Tapat (Awit 136**) Magpasalamat tayo sa Panginoon sa Kanyang tapat at walang hanggang pag-ibig.

**C. Huwarang mga Ama sa Bibliya**

1. Si **Adan** ay nagtiwala sa Diyos at naging Ama ng Sangkatauhan (Gen. 1:4)
2. Si **Noah** ay nagtiwala at sumunod sa Diyos upang itayo ang arko kahit na walang napipintong panganib sa panahong iyon (Gen.6:8). Ang tiwala ng kanyang pamilya ang nagligtas sa kanila mula sa napakalaking baha.
3. Si **Abraham** ay umasa sa plano ng Diyos at matiyagang naghintay na magkaroon ng anak sa kabila ng kanilang katandaan (Gen. 12:21).
4. Si **Job** ay nagpakita ng tunay na patotoo sa kanyang pananampalataya sa kabila ng nalipol ang mga anak at naubos ang kanyang kayamanan (Job 1–2).
5. Si **Jehonadab** ay ipinagtanggol ang mga mananampalataya ni Yahweh at nakipaglaban kay Baal (2 Hari 10:15–17; Jer. 35).
6. Si **Jairus** ay nagtiwala kay Jesus na bumuhay sa kanyang anak sa kabila ng pagtatangka niyang buhayin ito (Mc. 5:21-43; Mt. 9:18-26; Lk. 8:40-56)
7. Si **Joseph** ( ama ni Jesus sa lupa) ay sumunod at nagtiwala sa Diyos. Siya at ang kanyang pamilya (Maria at Jesus) ay tumakas patungong Ehipto (binalaan sa panaginip) at upang makatakas sa plano ni Herodes na patayin ang lahat ng panganay na anak na lalaki (Lk. 4:22; Jn. 1:45; Mt. 2:13-23).

**Konklusyon:**

Ang modelong ama ay tunay na nagmamahal sa kanyang mga anak. Pinarurusahan at itinutuwid niya sila sa tuwing nakagagawa ng mali. Ganito rin ang ating Amang nasa langit, dahil hindi Niya nais na tayo ay magdusa ng walang hanggang kapahamakan tuwing tayo ay nagkakasala: "Anak, huwag kang magwalang-bahala kung itinutuwid ka ng Panginoon, at huwag panghinaan ng loob kapag ikaw ay pinaparusahan Niya. Sapagkat pinaparusahan ng Panginoon ang mga iniibig Niya, at pinapalo ang itinuturing Niyang anak."(Heb. 12:5-6).

**Pagninilay:**

1. Bilang isang modelong ama, anong pamana ang maiiwan mo sa iyong mga anak?
2. Bilang isang huwarang ama, nagpakita ka na ba ng magandang halimbawa sa iyong mga anak bilang gabay sa kanilang paglalakbay sa buhay tungo sa katuwiran?

**Nagsalin sa Filipino:** Sis May Barcita
Na-edit ni: Sis Nida A. Cruz
**Inaprubahan ni:** Sis Vera Tuplano
Para sa higit pang mga pagtuturo, bisitahin ang LF website**:https://lordsflock.org/teachings/digests**
**Tags: #HuwarangAMA**